



MGA BENEFISYO NG NAWALANG SAHOD NG MGA BAGUHAN

Kung ikaw ay isang baguhang manggagawa at ikaw ay napinsala habang nakikibahagi sa pagsasanay sa trabaho o teknikal na pagsasanay sa paaralan, ang mga benepisyo ng nawalang sahod na iyong tatanggapin bilang resulta ng iyong pinsala ay maaaring ayusin.

Ano ang nararapat para sa akin na halaga para sa benepisyo ng nawalang sahod?

Sa umpisa, kakalkulahin ng Workers Compensation Board of Manitoba (WCB, Lupon ng Kabayaran ng mga Manggagawa ng Manitoba) ang mga benepisyo ng nawalang sahod batay sa mga pamantayang gawi. Mangyaring tingnan ang "Calculation of Wage Loss Benefits" ("Pagkukuwenta ng Mga Benepisyo sa Kawalan ng Suweldo) na Fact Sheet ng WCB sa aming website para sa karagdagang impormasyon.

Bakit aayusin ang aking mga benepisyo ng nawalang sahod kung ako ay isang baguhang manggagawa?

Kung natagpuan ng WCB na ang mga kinitang sahod sa panahon ng pinsala ay hindi makatarungang kumakatawan sa pagkawala ng iyong mga kita, pana-panahon naming itataas ang iyong mga benepisyo batay sa kung ano sana ang iyong magiging kita kung nagpatuloy ka sa iyong pagsasanay bilang baguhan. Ginagawa naming ito dahil ang kita ng isang baguhan ay karaniwang tumataas ng espesipikong halaga habang sila ay nagtatrabaho patungo sa kanilang kuwalipikasyon bilang may kakayahang manggagawa.

Kung ikaw ay tumatanggap pa rin ng mga benepisyo ng nawalang sahod makalipas ang isang taon pagkatapos maganap ang iyong pinsala, pag-aaralan ang mga ito at aayusin upang sumalamin sa kung ano ang maari mo sanang kitain kung hindi ka napinsala.



Paano inaayos ang aking mga benepisyo?

1. Sa una, ang iyong mga average na kita ay kinukuwenta gamit ang naitatag na suweldo at oras na natrabaho para sa antas ng pagiging baguhan sa panahon na napinsala.
2. Sa unang araw ng buwan kasunod ang unang anibersaryo ng iyong pinsala, ang iyong average na mga kinita ay tataas ayon sa suweldo na nararapat mong kitain kung hindi ka napinsala.
3. Ang iyong mga average na kinita ay patuloy na aayusin pana-panahon nang alinsunod sa iniaatas o naka-iskedyul na mga pagtataas na matatanggap mo sana bilang isang baguhan kung ikaw ay hindi napinsala.
4. Sa sandaling ang iyong average na mga kinita ay umaabot sa ipinapatupad na sahod/suweldo ng isang nagsisimulang may kasanayang manggagawa o katumbas nito, ang mga pag-aayos nito sa hinaharap ay gagawin taon-taon nang alinsunod sa mga naitalang kundisyon sa *The Workers Compensation Act*.

May Mga Katanungan?

Kung hindi ka nakakatiyak kung ikaw ay ituturing na isang baguhang manggagawa, o kung nais mong malaman kung ang iyong katayuan bilang isang baguhan ay nakaka-apekto sa iyong mga benepisyo sa pagkawala ng suweldo, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapasya o tagapangasiwa ng kaso upang talakayin ang iyong kaso.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayan na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.